6 Paglipat ng tirahan at pag-alis sa tinitirhan

6-2 Paglipat-bahay

(1) Paghakot ng mga gamit

Huwag mag-iiwan ng kahit anong kasangkapan sa bahay at linisin itong mabuti. Bawal mag-iwan ng basura dito.

(2) Malalaking basura (sodai gomi)

Tiyakin ang paraan ng pagtatapon ng mga malalaking basura (tulad ng mga kasangkapan sa bahay) at pagtatapon ng maraming basura sa munisipyong malapit sa tinitirhan.

(3) Pagbalik ng susi sa bahay

Ibalik ang susi sa bahay at tiyakin kung magkano ang shikikin. Kailangan ding ibalik ang bahay sa dati nitong ayos ayon sa nakasaad sa kontrata. Ang pagbalik ng bahay sa dati nitong ayos ay titiyakin ng fudousanya o ng may-ari ng bahay.

* Ang pagbabalik ng bahay sa dati nitong ayos sa oras ng paglipat ay naiiba depende sa nilalaman ng kontrata, sa fudousanya. Maaari itong maging sanhi ng problema kaya't tiyakin nang maigi ang ukol dito sa oras ng pagpirma ng kontrata at siguraduhin ding tiyaking ang ayos ng bahay sa oras ng paglipat. May pagkakataong mainam na kumuha ng larawan ng bahay pagkalipat. Ang perang aabutin upang maibalik ang bahay sa dati nitong ayos ay babawasan sa shikikin at ibabalik ito sa inyo sa oras ng paglipat.

(4) Pagpalit ng address

Huwag kalimutang isagawa ang mga sumusunod sa oras ng paglipat.

Mga proseso ng paglilipat-bahay

	Mga paraan o proseso
Pagpalit ng tirahan o adres sa Alien Registration Card	Kailangang palitan ang nakarehistrong tirahan o adres sa bagong tirahan o adres na nilipatan sa loob ng 14 na araw pagkatapos lumipat. Baguhin ang tirahan na nakarehistro sa inyong Alien Registration. Sabay nito ipabigyay-alam kung kasapi sa National Health Insurance at sa National Pension.
National Health Insurance o National Pension	Kapag ang nilipatang lugar ay hindi sa parehong distrito (sa oras ng paglipat), palitan ang nakarehistrong tirahan sa Alien Registration sa munisipyo ng bagong nilipatang lugar. Isabay na dito na sabihin kung sasapi sa National Health Insurance o sa National Pension.
Lisensya sa pagmamaneho	Pumunta sa himpilan ng pulis sa nilipatang distrito upang iparehistro ang bagong tirahan o adres.
Telepono	Ipaalam sa kumpanya ng telepono o cellphone ang bagong tirahan o adres. Sa mga may telepono ng NTT, tumawag lamang sa 116 at ipalipat ang telepono sa bagong tirahan.
Mga institusyong pinansyal	Ipaalam ang pagpalit ng tirahan o adres. Magtanong lamang sa bangkong ginagamit para sa iba pang detalye.
Koreo (Post Office)	Kumpletuhin lamang ang postcard na nagpapaalam ng paglilipat (tenkyo todoke) sa malapit na tanggapan ng koreo o post office. Maaaring ipadala sa bagong tirahan ang lahat ng anumang bagay na darating sa lumang tirahan sa loob ng isang taon.

* Mayroong dalawang terminolohiyang ginagamit sa pagtutukoy ng paglilipat. Ang “tenkyo” ay ang paglipat ng tirahan sa loob ng parehong munisipalidad o lungsod. Ang “tenshutsu” naman ay ang paglipat ng tirahan sa ibang munisipalidad o lungsod.